GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

PathWest
LABORATORY MEDICINE WA

Gawing Maginhawa ang Pag-iiniksyon MGA SANGGOL AT MALILIT NA BATA (TODDLERS)

Pagpili ng collection center

Ang aming collection center sa Perth Children's Hospital (PCH) ay may mga tauhan sa paediatric na may napakahusay na karanasan at inirerekomenda sila lalo na kung ang iyong anak ay may malubhang sakit o kung humiling ng agarang mga pagsusuri ang iyong doktor.

Nag-aalok ang ilang iba pang mga sentro ng mga pagsusuri sa bata, ngunit mahalagang tawagan muna kami sa **13 7284** upang kumpirmahin kung kami ang angkop na sentro. O kaya, talakayin ang pinakamabuting opsyon sa iyong doktor.

Nakakahawa ang pagiging kalmado

Naaapektuhan ng iyong kalooban ang nadarama ng iyong anak, at ang iyong pagiging kalmado ay makakatulong din sa pagpapakalma sa iyong anak. Ang paghawak sa kanya nang malapitan, mabuti kung may balat-sa-balat na pagdidikitan para sa mga sanggol, ay mainam para maging kalmado at ma-relax, habang binabawasan din ang kanyang reaksyon sa kirot.

Mga komportableng posisyon

Kabilang sa mga inirerekomendang komportableng posisyon ang yakap-koala, ang likod ng bata sa iyong dibdib, paghiga nang patagilid o pagkargang tila idinuduyan. Ang pagsuporta sa iyong anak sa alinman sa mga posisyong ito ay makakatulong na madama niya na siya ay mas ligtas at hindi gaanong mapapansin ang kirot. Bilang mga magulang at tagapag-alaga, kayo ang pinakamagaling na nakakakilala sa inyong anak. Talakayin sa aming mga tauhan kung ano ang makakatulong sa iyong anak na madama na siya ay mas ligtas at mabawasan ang kanyang pagkabalisa.

Pampamanhid

Ang pampamanhid na krema na ipinapahid sa balat ay makakatulong upang mabawasan ang kirot sa mga bata. Mabibili ito nang walang reseta sa isang botika, ngunit maaaring matagalan bago magkabisa, kaya planuhing gawin ito nang maaga.

MGA LOKASYON

Pagpapasuso

Kung ikaw ay nagpapasuso, magandang ideya na gawin ito ilang minuto bago, habang, at pagkatapos ng iniksyon, hanggang sa maging kalmado ang iyong sanggol.